**Buuin ang iyong Pangarap at Adhikain**

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sor Techie Rodriqvez, Elder-Founder, TLF

August 15, 2020

Nagsasalita ang Diyos sa panaginip at pangitain (Job 33.15) upang magbigay ng mga tagubilin para makamit ang Kanyang layunin. May mga matagal na tayong napabayaang hindi pa natutupad na mga pangarap at adhikain natin noon. Pahintulutan natin ang Diyos na pukawin Niya ang ating mga pangarap at adhikain para magkaroon tayo nang buhay na ganap at kasiya-siya.

**Ibinunyag ng Diyos ang kanyang mga utos sa mga propeta sa pamamagitan ng panaginip at pangitain.**

1." Ang inyong mga binata'y makakakita ng mga pangitain, at ang inyong matatandang lalaki'y magkakaroon ng mga panaginip" (Gawa 2:17).
2. Napanaginipan ni Nehemiah na ipinatayo niyang muli ang mga pader ng Jerusalem at nangyari nga ito.
3. Nakita ni Daniel si Arkanghel Gabriel sa kanyang panaginip (Daniel 8).
4. Si Joseph, na nagdanas nang matinding paghihirap sa buhay, ay nakita niya ang katuparan ng kanyang panaginip (Gen. 37: 5-10).

Ang mga lider ay dapat may mga adhikain kung ano ang kagustuhan ng Diyos para sa kanilang katungkulan.

1.Kapag walang adhikain, "ang mga tao ay puno ng kaguluhan" (Kawikaan 29:18).
2. Maski anong mangyari, "ang salita ng Diyos ay mangyayari sa takdang panahon" (Isaias 60:22).
3. Di gumagawa ng anumang bagay ang Diyos na di ipinababatid ang kanyang balak sa kanyang mga propeta (Amos 3:7).

**Mga hakbang para makamit ang pangarap at adhikain**

Para matupad ang pangarap, dapat:

1.Isulat ang mga adhikain.
    - Hindi ka bibiguin. Kung di pa dumarating, maghintay ka, tiyak na darating, sa takdang panahon (Hab. 2:3).
2. Magkaroon ng lakas o puwersa para ang pangarap ay mapanatiling buhay.
3. Panatilihin natin ang ating integridad.
    - Umasa lamang sa patnubay ng Diyos.
4. Ipaglaban natin ang ating adhikain.
5. Manalig at magtiwala sa Diyos.
6. Ilarawan sa isip ang adhikain (Mk. 11: 22-25).
7. Gumawa ng hakbang para sa adhikain.
    - "Patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa" (Santiago 2:17).
8. Pangarapin ang pangarap at gawin ito.
9. Isiwalat ang ating pangarap.
10. Mangarap ng malaki; huwag nating limitahan ang Diyos.
11. Magplano nang may pananampalataya sa tulong ng salita ng Diyos.
    - "at ako'y magbabantay pagkat ibig kong matiyak na magaganap nga ang aking sinalita" (Jer. 1:12).
12. Huwag limitahan ang kayang gawin ng Diyos.Walang limitasyon ang pagtulong Niya sa atin.
13. Huwag maging kampante.
    - Galit ang Diyos sa pagiging kampante (Amos6:1).

**Mag-ingat sa mga humaharang ng pangarap:**

1.Kinamumuhian ni Satanas ang maka-Diyos na pangarap.
2. Paghingi ng opinyon sa ibang tao – wala silang pakialam sa ating pangarap.
3. Takot sa tao – masaya ang ibang tao kung nasira nila ang ating pangarap.

Hinihikayat ng Diyos na mangarap tayo nang malaki, at huwag panghinaan ng loob at magduda sa pagkaantala. Sa halip, gusto ng Diyos na lumakad tayo nang may pananampalataya, hindi sa nakikita. Ituon natin ang ating atensyon sa Kanyang salita na di dapat mawalay sa ating puso. Walang limitasyon ang kapangyarihan ng Diyos; lahat ay kaya Niyang gawin.

**Pagninilay:**

May alinlangan ka pa ba sa pagtupad ng iyong pangarap kapag alam mong nasa tabi mo ang Diyos?

Ipagpatuloy mo ang mga pangarap na bigay ng Diyos. Kung nakikita Niya ang iyong pananalig, ipagkakaloob Niya ito. "Mangyari sa iyo ayon sa iyong paniniwala" (Mt 9:29).

**Isinalin ni: Sis. Nida Cruz**
**Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano**
**Naaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**

For more Teachings, visit our website:
www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials

For motivational teachings:
Instagram and Facebook: "Techie Rodriguez"